Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SIPI MULA SA KATITIKAN NG IKA-TATLUMPU'T APAT NA PANGKARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA NA IDINAOS SA ARAW NG MIYERKOLES, IKA-26 NG SETYEMBRE, 2001 SA BULWAGANG PULUNGAN NG PAMAHALAANG BAYAN.

Mga Dumalo:

1. Kgg. JOSE B. CATINDIG, Jr.	- Pang. Punong-bayan-Namuno
2. Kgg. LUISITO B. ALGABRE	- Kagawad
3. Kgg. RAUL P. AALA	- Kagawad
4. Kgg. LAUDEMER A. CARTA	- Kagawad
5. Kgg. MARCELITO S. LASERNA	- Kagawad
6. Kgg. PETRONIO C. FACTORIZA	- Kagawad
7. Kgg. ARTURO M. TIONGCO	- Kagawad
8. Kgg. ARTEMIO M. GOMEZ	- Kagawad
9. Kgg. ARIES A. ALCABASA	- Kagawad, Pangulo ng Pambayang Pederasyon Ng Sangguniang Kabataan

Mga Di-Dumalo:

1. Kgg. ERIC T. PUZON	- Kagawad
2. Kgg. ROMEO P. AALA	- Kagawad, Pangulo ng Samahan ng mga Punong-barangay

****

KAUTUSANG BAYAN BLG. 1098-2001

(Akda ni Pang. Punong-bayan JOSE B. CATINDIG, Jr.)
(Sa mungkahi ni Kgg. Tiongco na pinangalawahan ni Kgg. Carta)

ANG KAUTUSANG BAYAN NA NAGPAPATIBAY NG PAGLILIPAT NG REBULTO NI COL. BASILIO B. GONZALES, BAYANI NG BAYAN, NA KASALUKUYANG NASASA LOOB NG AYALA BUILDING SA ISANG PERMANENTENG LUKLUKAN SA PLAZA GALINTANG NA NASASA TAGILIRAN NG GUSALI DING YAON.

SAPAGKA'T, si Col Basilio B. Gonzales ay itinalaga bilang bayani ng bayang Santa Rosa, Lalawigan ng Laguna sa pamamagitan ng Kautusang Bayan Blg. 651-'98;

SAPAGKA'T, si Col Basilio B. Gonzales ay nagpamalas ng kabayanihan sa pamamagitan ng pakikipaglaban sa mga bansang sumakop sa ating bayan at siya'y namatay na isang magiting na mamamayan at isang tunay na bayaning Pilipino;

SAPAGKA'T, kinakailangan na ilipat sa may labas at tagiliran ng Ayala Building ang kanyang rebulto upang lalaging masilayan at maalala ng mga taga-Santa Rosa, ang mga kabayanihang nagawa ni Col. Basilio B. Gonzales;

Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

KAYA'T, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA pagtitibay ng paglilipat ng rebulto ni Col. Basilio B. Gonzales Bayani ng bayan, na kasalukuyang nasasa loob ng Ayala Building sa isang permanenteng luklukan sa Plaza Galintang na nasasa tagiliran ng gusali ding yaon.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY,

Pinatotohanan:

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Pang. Punong-bayan

Pinagtibay:

LEON C. ARCILLAS
Punong-bayan

PATOTOO:

Pinatutunayan ko na ang Kautusang ito ay sipi mula sa katitikan ng Ika-34 na Pangkaraniwang Pulong ng Sangguniang Bayan ng Santa Rosa, Laguna noong Ika-26 ng Setyembre, 2001.

CYNTHIA M. GOMEZ
Pambayang Kalihim